# Pagmamapa ng Pagbabagong Heograpikal, Historikal at Kultural ng Quiapo

*Jema M. Pamintuan*

*Tinatalakay sa sanaysay na ito ang historikal at heograpikal na pagbabago sa Quiapo, gamit ang pantubig na halamang "kiyapo" bilang metapor. Ang huli ay tumutulong magpakahulugan at magpakita ng sitwasyon sa Quiapo na noon ay sentro ng negosyo at kultura at ngayon ay tirahan na ng mga nasa impormal sa sektor tulad ng mga nagbebenta ng mga pinirata o kinopyang pelikula at musika. Sinusuri ng sanaysay na ito kung paanong ang isang lugar sa loob ng isang malaking lungsod ay tila hiwalay na sa buong kalunsuran, pati na rin ang pagmamapa ng teritoryo ng mga nakatira rito. Ginagamit ng sanaysay na ito bilang kultural na teksto ang mga negosyante at mga aktibidad at proseso na nakapaloob sa pamimirata ng pelikula at musika.*

Taal sa ating kamalayan ang Quiapo kapag may masasambit na anumang tungkol sa Lungsod ng Maynila — kawangis nito ang hubog at mukha ng urban na espasyo sa mga pelikula at ilang akdang pampanitikan. Hindi maiwasang iugnay ang Quiapo sa tuwing magugunita ang karakter ni Adong sa maikling kuwento ni Efren Abueg (1993), ang ***Mabangis na Lungsod***:

> Ang gabi ay tulad lamang ng pagiging Quiapo ng pook na iyon. Kay Adong, ang gabi'y naroroon, hindi dahil sa may layunin kundi dahil sa naroroon lamang, katulad ng Quiapo. Sa walang muwang na isipan ni Adong, walang kabuluhan sa kanya kung naroon man o wala ang gabi — at ang Quiapo.

Kung paanong tahimik na saksi ng gabi ang Quiapo sa gitna ng marahas na mga pangyayari — ito ang naging mahalagang papel nito sa kuwento. At kung paanong ang Quiapo ay naririto nga lamang at muli't muling sumusuot sa mga siwang ng tekstong

panlipunan ang interes ng papel na ito. Sa kasalukuyan, angat pa rin ang *notoriety* sa imahen ng Quiapo at patunay ito ng paggamit dito ng ilang palabas sa telebisyon tulad ng ***Mangarap Ka*** at kung paano nagiging *accessory* ang lugar para sa sanggano at machong pagganap ni Piolo Pascual. Kundi naman likhang-isip, pinananatili ng Quiapo ang *bad boy image* nito, patunay ng walang tigil na mga *raid* na ginagawa ng pamahalaan sa mga tindahan at tagabenta ng mga produkto ng pamimirata.

Layunin ng sanaysay na ito na taluntunin ang ilang bahagi ng masalimuot na kasaysayan at ilang pagbabagong heograpikal at kultural ng Quiapo, habang tatangkain ding kapain ang konstruksyon ng tao at modernidad sa pag-aaral ng espasyong ito. Magsisimula ang papel sa pagtalakay ng postmodernong katangian ng Quiapo, habang itinatabi at itinutumbas ito sa mga katangian ng halamang-tubig na pinanggalingan ng ngalan nito. Titingnan din kung paano naglalarawan ng heograpiya ng pakikitunggali ang Quiapo, mula sa pagiging sentro nito, o puso ng lungsod, hanggang sa pagsusuri sa Quiapo bilang sityo sa laylayan sa larangan ng komersyo at kultura. Kaakibat nito ang usapin ng pagtatatag at pagpapalaganap ng impormal na sektor sa Quiapo.

Pagtutuunan din kung paanong ang pagsasagilid na ito ay nagresulta sa paglikha ng kultural na pag-iilusyon ng bahaging ito ng lungsod. Gagamitin at sisiyasatin ang teksto ng pamimirata rito at muling gagalugarin ang tambalan at pakikitalad ng mga anyo at hubog ng espasyo ng Quiapo sa akto, pagdanas, at pagkilos ng pamimirata rito. Tatangkain ding iugnay ang isyu ng pamimirata sa pamamayani ng mga mangangalakal at komunidad ng mga Muslim. At bilang pangwakas, bibigyang-komentaryo at iuugnay ang mga programang pangkaunlaran ng lungsod sa pasalunga at pasagkang tugon dito ng Quiapo.

## Paglutang ng *Kiyapo*, Pagkalutáng ng Quiapo

Lutáng na espasyo ang Quiapo, tulad siguro ng pagkalutang na isinasaad ng halamang-tubig na *kiyapo*[1] na pinanggalingan ng

ngalan ng sityo. Kawalang-katiyakan ang isinisiwalat ng pagkalutáng; hindi malinaw ang ipinangangalandakang posisyon at naghaharing bahagi nito, ibig sabihin, kayraming imaheng nagtatagisan at hindi kagyat na mahihinuha kung aling imahen ang ibig paibabawin at bigyang-prayoridad. Katangian ito ng isang postmodernong lungsod, na may mga *"irreconcilable tension; juxtaposition of heterogeneous elements (that) are so incongruous and disruptive to our normal sense of order."* (Watson & Gibson, 1995). Hindi man sinasadya, batbat sa mga ironiya ang Quiapo. Ang Basilika ng Nazareno na katumbas ng matibay na pananalig ng mga deboto sa relihiyon ay tinutunggali ng hilera ng mga manghuhulang nasa labas nito, at parang nanunudyong kung hindi makakapa ang garantiya ng mainam na kapalaran sa loob ng simbahan ay aapuhapin na lamang ito sang-ayon sa giya ng mga *tarot card*. Sa labas ng simbahan matatagpuan din ang maraming halamang-ugat, halamang-gamot, mga boteng may tatak na "pamparegla," "*miracle water*," at kung anu-ano pang likido at *elixir*; iba't ibang laki at hugis ng mga kandila, mga piraso ng telang ipinunas sa mga santo, rosaryo, iba't ibang laki at hugis ng anting-anting, eskapularyo, kopya ng mga nobena, imahen ng Sto. Niño at Birhen, at iba't ibang uri ng kristal.

May ilang batang gusgusing naglalaro ng *Chinese garter* sa may Plaza Miranda at napapaibabawan ng malaking *video screen* sa gusali ng Mercury Drug; nakalilito kung alin ang babalingan ng atensyon sa kainitan ng tanghaling ito ng Sabado. Nag-aanyaya ang monumento sa Plaza Miranda para sana balikan ang ilang masasalimuot na alaala noong panahon ng Batas Militar subalit baka may makaligtaan kapag nalingat lang sandali at nawala ang paningin sa malaking video screen. Patalastas lang naman ng mga gamot na ibinebenta ng Mercury Drug ang ipinalalabas sa oras na ito, pero baka may sumingit na balita, o baka may biglang ipalabas na pagwawakas ng isang *soap opera*. Nahahati ang atensyon sapagkat mahirap nang mapag-iwanan kahit pa may mga dambanang magpapagunita sa atin.

Nakapaskil sa ibaba ng video screen ang "Maunlad na Maynila, Huwaran ng Bansa." Tila maglalaro sa hindi tiyak na

dimensyon ng ating guni-guni ang konsepto ng kaunlarang itinutulak ng islogan; nakalutang ang kaisipang ito sapagkat hindi malinaw ang pagkakapako at pagkakaposisyon ng premis ng kaunlarang itinataguyod nito, na para bang nang-uuyam, gayong nasa ilalim lang ng islogang ito ang hilera ng mga pulubing nakapikit — na maaaring dahil sa sila'y nagpapahinga, o nasisilaw sa matinding sikat ng araw.

Mismong ang indibidwal na tumatanaw sa mga larawang ito ng Quiapo ay lutáng na rin at biktima na ng disoryentasyon. Iaalis na ang paningin sa simbahan, *video wall*, mga pulubi, Plaza Miranda, at susubuking hanapin ang sarili sa kabilang kalsada. Sa pagbaba sa Lacson *underpass*, may ilang mga alagad ng Metro Manila Development Authority (MMDA) na pilit na iniis-is ang namantsahang hagdanan nito, subalit hindi napagtagumpayang alisin ang nakadikit nang dumi rito kaya sinukuan na rin nila. Nakabukas ang iba't ibang tindahan kaya pansamantalang maaantala muli ang gagawing pagtawid; mang-iistorbo ang mga tindahan ng mga tela, mga muwebles na galing pa umanong Mindanao, alahas at perlas, botika, Mister Donut, Zagu, at iba pa. Kukumpletuhin ang kalituhan at kawalang-katiyakan ng direksyon bago umakyat sa mga hagdanan — nakatambad ang iba't ibang lagusan, may patungong kalye ng Hidalgo, Echague, at Arlegui. Kayraming pagpipilian gayong iisa lang naman ang pupuntahan ng karamihan dito, ang tanging destinasyon ng isang ordinaryong mamimili, ang mga tindahan ng *pirated* DVD, VCD at *audio* CD.

## Heograpiya ng Pakikitunggali: Mula Sentro Patungong Laylayan

Katulad ng kiyapo na hindi napalulubog gaano man katindi ang mga ulan at bagyo, may angking katatagan ang Quiapo sa kabila ng pagbabagong-pihit nito pagdating sa posisyon sa lungsod. Nag-umpisa muna ito bilang luklukan ng mga ilustrado.

Noong panahon ng Kolonyalismong Espanyol, itinuring na puso ng lungsod at sentro ng komersyo ang Quiapo. Noong mga 1590 higit na nagpakitang-gilas ang lugar sa larangan ng

komersyo, ang mga mamamayan nito ay nagpakadalubhasa sa *metalcraft* at iskultura; sa paglikha ng mga kagamitang pangkusina, pangingisda, at pagsasaka; mga sandata; at pag-uukit ng mga santo. Noong ikalabimpitong siglo, dinala ng mga galyon ng Acapulco ang estatwa ng *Nuestro Padre Senor de Jesus de Nazareno*, na nililok ng isang Kristiyanong Aztec sa bansang Mehiko. Dahil dito ang Quiapo ay naging sentro na rin ng debosyon, at para sa mga ilustrado, ang Quiapo ay itinuring nilang *Parroquia.* Ang sentro naman ng negosyo at kalakalan sa bansa ay gumalaw mula sa Parian (sa may Intramuros) patungong Binondo noong mga 1850, hanggang sa Sta. Cruz at Quiapo sa pagtatapos ng siglo. Pinaniwalaan ng mga mangangalakal at negosyante ng Quiapo noong yugtong ito na magiging mahusay ang pagpasok ng kayamanan lalo't higit, o hanggang nananalig sila, sa gabay at milagro ng Nazareno. Kaya sa panahong ito, ang Quiapo ay maituturing na teritoryo ng mga ilustrado. Sumulpot ang mga *nouveau riche* ng Maynila sa pagbubukas nito sa pandaigdigang kalakalan. Ang mga nouveau riche na ito ay galing Binondo at nanirahan sa Quiapo — yaong mga pamilyang Hidalgo, Paterno, Araneta, Tuason at Legarda. Bukod sa datos na sina Paterno at Legarda ay mga ilustradong namuno sa Kongreso ng Malolos, sila rin ang tinawag na mga "*mestizos de entresuwelo, occupying the ground floors formerly reserved only for carriages*" (Gamalinda, 1988).

Hanggang noong mga taong 1930, itinuring na tahimik at marikit na *residential area* ng gitnang uri ang Quiapo. Patunay nito ang pangalan ng mga pamilya at residenteng tanyag sa larangan ng pulitika, negosyo at kultura (Gomez, 1996). Ang mga paaralang tulad ng San Beda College, San Sebastian College, La Consolacion College, at Holy Spirit ay mga institusyong naglilingkod sa interes ng antas panlipunang ito. *Self-contained* na komunidad ang Quiapo sapagkat kumpleto ito sa mga pasilidad na kailangan ng isang payapa at kumportableng *residential district* — mayroon itong mga pangunahing tindahan at pamilihan, mga eskuwelahan, at simbahan.

Kung pag-uusapan naman ang sentralidad ng Quiapo sa larangan ng kultura, tanyag ang Teatro Zorilla sa may Calle Iris, na ngayo'y Claro M. Recto, bilang isa sa mga pangunahing atraksyon

ng lugar. Nagpapalabas din ng mga *carillo* o *shadowplay* noong mga 1879 sa Calle Magdalena sa Quiapo at kinilala ang mga ito bilang mabisang anyo ng libangan para sa mga bata, gayundin bilang isang lunan para sa pagsiwalat ng mga kahalagahang panlipunan sa mga manonood. Napalitan ng may isang dosenang teatro ang kinatitirikan ng Teatro Zorilla. Ilan sa mga tanyag na teatro noong dekada 40 at 50 ay ang Times Theater, Globe, at Life (Gomez, 1996). Bagaman wala na ang Zorilla, naging pangunahing atraksyon naman ang mga *airconditioned* na teatrong ito. Ang Life ang itinuring na *"home of the stage shows"* at nagtatanghal dito sina Katy dela Cruz at mga komedyanteng sina Pugo at Tugo. Ito rin ang may pribiliheyo sa pagpapalabas ng mga pelikula nina Rogelio dela Rosa at Norma Blancaflor. Nang magkaroon ng renobasyon ang Life Theater noong 1946, ito umano ang kauna-unahang lokal na teatro na nagpalabas ng mga pelikulang Hollywood. Ang iba pang mga teatrong kahanay nito ang nakatoka sa partikular na *film outfit* ng Hollywood — ang Times at Universal Theater para sa Universal Pictures, Avenue Theater (Avenida) para sa Paramount Productions, Ideal Theater para sa MGM Pictures, at iba pa. Sa mga lokal na pag-aaring film outfit, ang Life Theater din ang lunan ng pagpapalabas ng mga pelikula ng Sampaguita Pictures at Premiere Productions.

Mula sa dating luklukan ng mga ilustrado noong panahon ng Kolonyalismong Espanyol hanggang mga 1930s kung kailan sentro sa larangan ng komersyo at kultura ang sityo, ang Quiapo ay nailagay sa gilid dulot ng pagkaluma at kawalan ng *maintenance* sa mga pangunahing gusali nito. Kaugnay nito, ang pagbabago mula sentro patungong gilid ay may pisikal na manipestasyon, ang isyu ng *obsolescence* sang-ayon kina Tiesdell, Oc, at Heath (1996) sa aklat na ***Revitalizing Historic Urban Quarters***. Ang obsolescence ay maitutumbas sa reduksyon o pagbaba ng silbi/ *utility* ng isang *capital good*, tulad ng gusali (at hitik ang Quiapo sa mga lumang gusaling ito). Unang-una, ang presensiya ng matatandang gusali sa isang makasaysayang distrito tulad ng Quiapo ay mga suheto para sa pakikitalad sa problema ng obsolescence.

Nangyayari ang iba't ibang uri at antas ng pagbabago sa lipunan, subalit nananatili bilang mga istruktura at lokasyon ang mga gusali at distrito. Maaaring noong likhain ang mga gusali ay natamo ang pinakaabanteng mga prinsipyo at kalakaran sa pagtatayo ng gusali at tunay na malaki ang pakinabang at gamit ng mga ito sa kanilang pagkakatayo. Subalit dulot ng pagbabago, nangaluma at hindi napanatili ang mga gusaling ito. Halimbawa ng pagbabago ay ang pag-alis ng Quiapo sa trono bilang sentro ng komersyo. Gumapang na palabas ng erya nito ang mga lunan at gawaing hitik sa kalakalan at tumungong Makati at Ortigas. Gayundin, naikalat sa ibang sityo ng Maynila ang alta sosyedad na residential na mga lunan. Ang natira sa Quiapo ay yaong *low-income* at *working class* na mga establisimyento, ilang mga datihang residente, at halos mga low-income *tenant residents* na migrante. Ang mga sumunod na henerasyon ng mga nabanggit na *craftsmen* sa nakaraang bahagi ng papel na ito ay ipinagpapatuloy nga ang nasimulan ng kanilang mga ninuno, iyon nga lang, ang mga *jewelry shops* ay napalitan ng mga sanglaan, ang mga *talleres de escultura* ay napalitan ng mga lapida (Gamalinda, 1988).

Nawala na ang alindog ng mga teatro sa pagpasok at pagtatapos ng dekada '70. Ang dating makulay na lunan ng New Life Theater ay napalitan ng nangingitim at nanlilimahid na mga dingding — sira-sirang mga pintuan ng sinehan, hindi maayos na mga hagdanan, bitak-bitak na semento, at buhol-buhol na kable sa kisame. Ang tanging tanda na lamang nito ay ang dating New Life na may posteng *romanesque* ang estilo sa may *lobby* ng sinehan na umaabot hanggang sa kisame nito. Ang paglipat ng sentro ng komersyo sa Makati at Ortigas ay nagdulot ng pagbabagong-disenyo ng pagdanas ng kultura at pelikula sa lungsod. Sa dulang ito ng sentralidad at marhinalisasyon ng mga sityo, mistulang matanda at laos na aktres ang Quiapo mula sa pinagpipitaganang imahen nito sa larangan ng aliw. Sa kasalukuyan, ang mga engrandeng *premiere* ng mga pelikula ay itinatanghal sa mga nangungunang sinehan tulad ng Megamall Cinema sa Ortigas at Greenbelt Cinema sa Makati.

Kaakibat ng isyu ng obsolescence ng sityo, ang dating mahalagang tungkulin ng mga estero bilang pangunahing *channel* para sa transportasyon ay napalitan ng pagiging mga *open sewer* at paminsan-minsa'y pinag-aapawan ng tubig-ulan at tubig-baha. Ang Estero de San Miguel ay binahayan na ng lumot at umaalingasaw mula rito ang masaklap na amoy. Ang mga pagbabago naman sa ilang imprastraktura at ang pananatili ng makikitid na daan, ay nagbunga ng labis na pagsikip ng trapiko, gayundin nang malawakang polusyon. Ang kawalan ng mga pasilidad para sa paradahan ng mga sasakyan, sapat na alkantarilya (*sewerage*) ng distrito, at patuloy na pagnipis ng makikitid na kalye dulot ng pagsulpot ng iba't ibang tindahan ang higit pang nagpapalugmok sa lunang ito.

Ang pagsisikip ng trapiko ay dulot ng mga nagsisiksikang *jeepney*, bus at FX. Gayundin, ang pagdumog dito ng mga deboto ng Nazareno ang isa sa mga pangunahing nagdudulot ng mabigat na daloy ng mga sasakyan at tuloy, malawakang pagrereteke sa ruta ng mga behikulo. Nito lamang nakaraang Enero 2004, isang malawakang pagbabago ng ruta ng trapiko ang ipinatupad ng Western Police District at Traffic Management Group na makaaapekto ng mga pribado at pampublikong sasakyan (Felipe, 2004). Ipinagbawal din ang pagparada ng mga sasakyan sa *southbound lane* ng Quezon Boulevard mula sa kalye ng Raon hanggang Palanca malapit sa simbahan ng Quiapo. May mga pagdanas ng dislokasyon sa mga sasakyan — ang mga PUVs mula sa España patungong Quiapo at Taft Avenue ay dadaan muna ng Rizal Avenue *via* mga kalye ng Cataluna at Fugoso. Iba naman ang iskema para sa mga *public utility* jeepneys (PUJs) na biyaheng Quiapo ilalim, mga sasakyang magmumula sa Divisoria patungong Paternota, at mga bus na dapat ay dumaan sa Jones *fly-over* (Felipe, 2004). Hindi lamang mga sasakyan ang dumaranas ng dislokasyon, pati rin ang mga tao at debotong magagawi rito. Ipinagbawal ang pagtawid at pag-okupa ng mga deboto sa gitnang bahagi ng Quezon Boulevard (Felipe, 2004).

Pati sa larangan ng edukasyon ay nagkaroon ng pagbabagong-pihit. Ang *upper middle class* ay lumikas na patungo sa iba pang bahagi ng lungsod para makipagsapalaran, makipaggitgitan at magtamo ng edukasyon sa mga unibersidad tulad ng UP, Ateneo at La Salle. Maaari rin itong nagpapahiwatig ng pagsasagilid sa tungkulin ng ilang paaralan ng distrito. *Technical* at *vocational courses* ang laan ng mga establisimyento para sa mga nais pumasok dito at hindi ang mga ito ang matatawag na mga sentro ng edukasyon ngayon, ngayong prayoridad ang mga kursong *managerial*, at *nursing* lalo na para sa mga ibig mangibang-bayan. Maliliit na *retail establishments* na lamang ang namamayani sa halip na yaong mga dating mauunlad at malalaking negosyo (Gamalinda, 1988).

Simula nang maipuwesto sa gilid ang Quiapo, naging espasyo na rin ito ng oposisyon, sang-ayon sa makasaysayang *political rally* na nagdulot ng trahedya ng Plaza Miranda noong mga dekada '70. Ang premis dito, ang pakikitunggali ay isinasagawa bilang tugon sa namamayaning sistema, o sa may hawak ng kapangyarihang may pribilehiyong maging ahente ng awtoridad at magpatakbo ng lipunan. Ang nangyari sa Plaza Miranda ay isang mobilisasyong nagtanggol ng pangunahing interes ng ilang nakibakang estudyante at mamamayan bilang mariing pagtanggi sa diktadura. At hindi rito nagtapos ang pagtanghal at pagdanas ng pagsalunga, kahit pa dinadaan-daanan na lamang ang Plaza Miranda at pinagsulputan ng iba't ibang paninda sa gilid-gilid nito. Tila hindi nauupos ang pakikibaka. Maitutumbas itong heograpiya ng pakikitunggali sang-ayon sa ***Geographies of Resistance*** nina Steve Pile at Michael Keith (1997):

> Resistance could be mapped—partly because it seems to have visible expressions (explosions, marches, riots, graffiti and so on) and partly because it always takes place...resistance is about taking up one position of opposition, a class position in opposition to the hidden injuries of capitalist social relations.

## Pagsulpot ng Impormal na Sektor

Pakikitunggali sa larangan ng komersyo ang naging tugon sa *Great Depression* noong 1929 na nagdulot ng pagbabagong-anyo sa tungkuling pang-ekonomiya ng Quiapo. Kinailangan ang impormal na sektor sapagkat hindi na natutugunan ang pangangailangan ng nakararami dulot ng pagkawala ng trabaho at pagbagsak ng ilang negosyo. Umuusbong ang impormal na sektor sa mga espasyong may tinatawag na "*uneven modernity...class struggle inscribed in space*" (Wilson & Dissayanake, 1996) o yaong may hindi pantay at hindi konsistent na larawan ng modernidad, tulad ng Quiapo.

Laganap sa ilang bansa sa Asya ang pagsulpot at pamamayani ng impormal na sektor sa anyo ng mga tindahan at *tiangge*; tanyag itong mga lunang pinupuntahan ng mga turistang nais mamili ng mga murang produkto. Ginugunita ng Carriedo *flea market* sa Quiapo ang Mongkok Market ng Hongkong at Patpong Night Market ng Bangkok, na may dalawa hanggang tatlong kantong hilera ng mga tindahan ng mga sari-saring damit, mga palamuti sa katawan, panyo, *underwear, shades*, iba't ibang uri at disenyo ng bag, at iba pa. Magkakatabi ang mga tindahang higit na mataas kaysa sa mga ordinaryong tianggeng matatagpuan sa Greenhills. Pareho ang mukha ng mga kalsada ng Carriedo, Mongkok at Patpong — hindi pantay, hindi maayos ang pagkakasemento, marumi, makalat, at maputik. Daanan ng maraming tao ang mga lunang ito at pinagsusulputan ng iba't iba pang tindahan bukod sa mga nabanggit na: sa Carriedo, kaliwa't kanan ang nagtitinda ng mga *banana-que*, turon, sago't gulaman, *fishballs*, buko *juice*; sa Mongkok, kabilaan ang mga nagtitinda ng alahas, audio at video *equipment*; sa Patpong, kabilaan naman ang mga *nightclub* at *liveshows*, halos isang piye lamang ang layo mula sa mga tiangge. Ang kalye naman ng Villalobos na katabi lamang ng Carriedo ay may interes sa pagbebenta ng mga kagamitan sa bahay, gamit pangkusina, sari-saring pinatuyong isda, garter, sinulid, tela, siper, butones. Isiniksik at pinagtabi sa espasyong ito ang iba't-ibang produkto at paraan ng kalakalan. Ang impormalidad ay

mababanaag sa impormalidad din ng espasyo; walang malinaw na kategorisasyon ng mga tindahan na hindi tulad ng pag-uuring ginagawa sa bawat palapag ng mga *mall* at iba pang establisimyento.

Patuloy ang paglago ng impormal na sektor dahil sa pagbabagong-hubog ng Quiapo mula sa pagiging “puso” tungo sa pagiging “kilikili” ng lungsod,[2] at isa nang dahilan ang paglipat at paggapang ng sentralidad ng komersyo sa mga siyudad ng Makati at Pasig. Nagpapakatatag ito sa kabila ng ilang puwersang ibig magpatibag nito. Pinananatili ng Quiapo ang katangian ng *anti-uniformity*, sa hubog man o sa silbi. Umaakma ito, muli, sa resistensiya ng halamang kiyapo, na may bukod-tanging *structural modification* kung kaya hindi ito nababasa at lumulubog sa tubig sa kabila ng malalakas na ulan.[3] Gayundin, tila hindi nagpapapako at nagpapailalim ang Quiapo sa kabila ng pagsasagilid dito.

Kapag dumami at lumago ang halamang kiyapo, lumilikha ito ng tila patungan o tinatawag na *mat* ng mga halaman at iba pang *organic debris*, at nagiging mainam na lokasyon para sa pagtubo at paglago ng iba pang halamang-tubig *(hydrophyte)*.[4] Ang Quiapo naman ay nagsisilbi ring mat, isang pundasyong sinasapnan ang impormal na sektor ng ekonomiya.

## *Breeding Ground* ng Iba’t-Ibang Kalakal

Dumarami nang dumarami ang nagiging silbi at gamit ng isang espasyo, halimbawa, ng isang gusali sa Quiapo. Mula sa isang bahagi susulpot ang marami pang tindahan. Ganito naman ang isinasaad ng kalikasan ng pagtubo at paglago ng halamang kiyapo. May katangiang *adventitious*[5] ang halaman, o may mga ugat itong lumalabas mula sa ibang bahagi ng halaman na hindi karaniwang pinagsusulputan nito. Ganito rin ang mga distrito sa Quiapo — ang isang karaniwang tindahan ng mga tela at malong ay mapapansing may nakasingit na tindahan ng mga *cellphone covers*, gayundin ng mga bag ng CD, at pirated DVDs, VCDs, audio CDs.

Masigla ang paglago at pagdami ng halamang kiyapo; tinatawag nga itong *notorious weed* ng mga *botanists*; notorious

sapagkat bukod sa mahirap itong kontrolin, nagdudulot din ito ng ilang mga suliranin sa pagdami ng mga peste tulad ng lamok.[6] Maitutumbas ito sa imahen ng Quiapo bilang pugad, hindi lamang ng mga lamok dahil sa maruruming estero, kundi ng pamimirata. Mistula ngang pagdami ng lamok ang praktis ng pamimirata na nagtatag na ng *breeding ground* sa Quiapo, at hindi maiwasang lumago ang negosyong ito. Sa pananaw ng Optical Media Board (OMB), ang mga tindahan at produkto ng pamimirata ay dapat malansag upang hindi maging *infestation ground* ng mga ilegal na kalakal ang Quiapo. *Nuisance* daw ang pamimirata. May pinangangalagaang imahen ang bansa, at sinasagkaan umano ng pamimirata ang pag-unlad nito. Parang ang halamang kiyapo, pinababagal nito at nagiging balakid para sa mas mainam at mabilis na paglalakbay sa tubig.[7] Gayundin ang pamimirata sapagkat "pinababagal" umano nito ang pag-usad ng bansa. Subalit hindi ito ang pananaw ng karamihan sa mamimiling Pilipino — ang pamimirata ang daan upang makipagsabayan sa lutáng ding dalumat ng pag-unlad.

Sa puntong ito ng pagsusuri, ipapasok ang konsepto ng pamimirata sa Quiapo bilang anyo ng pakikitunggali ng naturang lunan sa kapangyarihang hawak ng naghaharing-uri, kung paanong ang pagsasagilid ay lumilikha ng kultural na imahinasyon at kung paano rin lumilitaw ang mga isyu ng *paranoia* at pagbabantulot sa espasyo dulot ng pagsalunga nito sa mga aparato ng kapitalismo at kapangyarihan. Isasama rin sa seksyong ito ang pagtukoy sa patuloy na pamamayagpag ng pamimirata batay sa iba't ibang nagbabanggaang tinig hinggil sa isyu, at kaugnay na usapin tungkol sa *hyperreality*.

## Ang Ilusyon ng Kultura at Pamimirata sa Quiapo

Sa kasalukuyan, dinaranas ng Pilipinas ang isang ilusyon ng pakikibahagi nito sa pandaigdigang kulturang dulot ng globalisasyon. Ang Quiapo mismo ay luklukan ng *discontinuity* — iniirapan ito ng, o umiirap ito sa, modernisadong mga sentro ng

kalakalan ng Ortigas at Makati, gayundin sa mauunlad na subdibisyon ng Ayala Alabang, Corinthian Gardens, at White Plains.

Tigib ng mga produkto ng pamimirata ang Quiapo. At ang malawakang kultural na pagkakahati (*cultural divide*) ang nag-udyok na lumitaw ito. Ang pangangailangang magkaroon ng akses sa mga audio CD, VCD, at DVD sa kabila ng hirap ng buhay ay tila lumalapat sa kultural na imahinasyon sa ating lipunan, ang pag-iilusyon ng lokal na kultura, partikular na ang kultura ng aspirasyong mapaliit ang puwang ng *polar opposites* sa lipunan para maabot ang anumang manipestasyon o senyal ng 'ika nga *quality of life* batay sa materyal na pag-unlad. Ang mga produkto ng pamimirata ang maituturing na uri ng materyal na pag-unlad para sa ilang indibidwal at matatagpuan sa isang dapyós *(disjunctured)* na pisikal na kaligiran tulad ng Quiapo — ang mga gilid ng mga kalye nito, underpass, pulu-pulutong ng mga tindahan sa Raon, Hidalgo, at iba pa. Sinasalungat nito ang mundo ng materyal na pag-unlad kung saan ibinebenta ang mga "orihinal" at "lehitimong" produkto, mga lunang nasa sentro ng komersyo tulad ng Glorietta, SM at kung saan pang mall.

Umaakma ang kaligiran ng Quiapo para sa pagtanghal ng kultural na pag-iilusyong ito, gayundin, ang pagtiwalag sa mga kalakaran ng lipunang nagsisiwalat ng pagsalunga nito. Upang higit na masinsin ang pag-aaral sa espasyo at kultura ng pamimirata, gayundin ang mobilidad at kung paano ito pinakikilos at dinaranas sa espasyo ng Quiapo, hahatiin sa pitong bahagi ang pagtalakay rito: a) ang pagtukoy sa ruta ng pinanggalingan ng produkto ng pamimirata; b) ang pagkakasangkot at pagkawing ng pamimirata sa ilang mangangalakal na Muslim; c) ang mga partikular na lunan sa Quiapo kung saan ito ibinebenta; d) ang pamamaraan ng pagbebenta; e) ang distorsyong nagaganap sa presyo at panahon; f) ang transaksyong namamagitan sa tagabenta at mamimili; g) ang sistema sa pagitan ng mga kapwa tagabenta; at h) pagtukoy ng ruta ng pagsuplay ng mga produkto sa iba pang lugar sa lungsod, tulad ng Makati Cinema Square, Greenhills, at Marikina Riverbanks.

## Ruta at Sistema ng *Backdoor Policy*

May kaakibat ngang discontinuity sa kung saan nanggagaling ang suplay ng mga produkto ng pamimirata. Ilegal itong nakapapasok sa bansa mula sa Tsina, o kaya'y sa Kota Kinabalu ng Malaysia, sa pamamagitan ng mga alternatibong ruta, o tinatawag ding *backdoor*, tulad ng Sulu, at ilang paliparan at daungan sa Davao at Cebu. Ang mga nanggagaling sa bansang Tsina at Hongkong ay kadalasang dinadala ng mga nagbibiyahe pahimpapawid sa Maynila. Ang sistema umano ng ilang manlalakbay upang hindi mahuli sa *customs* ay inilalagay nang hiwalay ang mga *disc* at mga lalagyan nito sa magkakahiwalay ring piraso ng bagahe, samantalang ang mga pabalat ng mga DVD na may pamagat ng pelikula ay inilalagay sa isang folder (Jimeno, 2002). Ang ilang mangangalakal mula sa Mindanao ang nagdadala naman dito sa Maynila.

## Teritoryalisasyon ng Ilang Mangangalakal na Muslim

Sa epikong "Agyu" ng mga Manobo ng Mindanao, ang paglalakbay ng mga tauhan ay isang makabuluhang paghahanap ng lupain ng mga pangako, ang *Nalandangan*, na magdudulot ng kaginhawaan para sa mga miyembro at anak ng pangkat nina Agyu. Maaaring naging mailap ang paglantad ng lupaing ito para sa nakararaming mamamayan ng Mindanao. Sa kasalukuyan, ang Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM) ang may pinakamalaking bilang ng mahihirap na mamamayan ng bansa.[8] Bagaman maraming produktong maaaring ibenta, tulad ng mga tela, ilang kagamitan sa bahay, at mga produktong nanggagaling sa mga karatig na bansa, hindi maunlad ang sirkulasyon ng pera sa Mindanao. Dahilan ito upang lumikas patungong Maynila ang ilang maralita mula sa Mindanao para maghanapbuhay, kundi man, mamalimos. Madalas ikawing ang larawan ng pamimirata sa mga Muslim dahilan na rin sa rutang backdoor nito; ang bagsakan ng mga suplay ng DVDs at VCDs ay sa mga daungan at paliparan ng Sulu at Davao. Kinakalinga ng espasyo ng Quiapo ang pagtustos sa ilang mga

mangangalakal na ito, sa halip na igiit ang kanilang marhinalisasyon at pagkalugmok sa kahirapan dahil sa sapat na kita mula sa pagtitinda ng mga pirated DVDs.

May ipinahihiwatig na teritoryalisasyon, kahit paano, ang pamamayani ng mga mangangalakal na Muslim sa komunidad na ito — angkin nila ang kapangyarihan sa pagtakda ng mga sistema at kondisyon ng transaksyon. May angking gayuma ang kanilang mga ibinebenta kaya hindi na natin nakukuha pang makipagtawaran nang matagalan at makipagpilian ng mga kopya, at tila tayo pa ang ginagawan ng pabor sa ating pamamakyaw dahil sa abot-kayang presyo ng mga ito. Bagaman, kahit pa aminado tayong sila ang awtoridad ng negosyong ito sa Kamaynilaan, dumedepensa ng sarili sa isyung ito si Edu Manzano, ang tagapangulo ng OMB. Aniya, hindi raw usapin ng *ethnic background* ang ginagawang mga raid sapagkat pati mga Tsino at Kristiyano ay kanila ring tinutugis (Cruz, 2004).

## Makikitid at Lihim na mga Sulok ng Pamimirata

Sinasalamin ng mga pagbabago sa pisikal na anyo ng Quiapo ang pag-iba rin ng landasin ng pagdanas ng mga aktibidad dito. Ang kakitiran ng mga kalye at ang kalumaan ng mga gusali ay mga katangiang angkop para sa mga espasyong malihim at hindi lantad, na kailangan para sa pagbebenta ng ipinagbabawal ding produkto. Hindi tulad ng maluluwang at malalamig na espasyo ng mga mall kung saan "malayang" nakapagbebenta ang mga tindahan at walang nadaramang paranoia ang mga tindera at mamimili, kadalasa'y sa mga tagóng sulok ng Quiapo, sa mga bangketa, underpass, hindi pansing mga gusali sa Hidalgo maaaninag ang mga nagbebenta nito. Ang mga panindang sarong, *tie-dyed* na kamiseta at mga tela ng ilang nagbebenta ay hindi saplot para sa katawan ng taong bibili nito kundi nagsisilbing panakip sa mga tindahan ng DVD. At iilan lamang ang natuntong *airconditoned* na gusaling pinagbebentahan ng mga DVD at VCD. Kailangan ring lumakad nang patagilid para malibot ito dahil sa kasikipan at/o dami ng tao. Gayunman,

kapag nasanay na sa lugar, hindi na mahirap galugarin ang paghahanap ng mga tindahang ito.

Ipinalilitaw na tila imperatibo ang kumbersyon ng mga espasyo sa mga kalye ng Hidalgo at Arlegui, partikular na ang mga lumang gusali na dating *karaoke bar*, kainan, at bahay-paupahan, na nagbagong-anyo para pamahayan ng mga produkto ng pamimirata. Ilang halimbawa lamang nito ang dating Almusayyieb Money Changer, Vigilante Karaoke Bar and Restaurant at Arlegui Lodge at ilan pang bilyaran na nagbagong-anyo at naging mga tindahan ng DVD, VCD at audio CD. Bagaman, ang unang palapag (at sa iba'y ikalawang palapag din) lang ng mga gusali ang bagsakan ng mga produkto, ang ikalawa, ikatlo, ikaapat, mula sa tanaw sa labas, ay malamang mga tirahan ng ilang residente. Pangunahing katangian ng mga gusaling ito ang matatarik na hagdang bakal at mga kalawanging rehas sa maliliit na balkon kung saan nakasampay ang mga pinatutuyong damit at tumutulo sa unang palapag, sa mga tindahan ng DVD.

Tila lumilikha rin ng mga radikal na indibidwal ang espasyong ito, dahil sa akto ng paglabag hindi lamang ng tagabenta, kundi, ng mamimili rin. Bilang heograpiya ng pakikitunggali, may epekto ang espasyo sa pakiramdam at mobilidad ng mga indibidwal na gumagalaw o kumikilos dito. Hindi palagay ang loob, o may *discomfort* sa mga espasyong ito, maliban sa pisikal na kasikipan. Kaya matatawag na espasyo ng paranoia ay dahil may pakiramdam ang indibidwal, tagabenta man o mamimili, na siya/sila'y tinitiktikan o minamanmanan. Matutukoy mula rito kung saan at paano ipinoposisyon ang isang Pilipinong mamimili. Kapag lumapit ang isang tagabenta at bumulong ng "Boss, *bold* po, bold" o kaya "Boss, gusto niyo ng X?" o kaya "Miss, poren, maraming poren," nababawasan ang laya ng indibidwal sa kaniyang pagbili, nagkakaroon ng pagbabantulot, at habang mabilis na isisilid sa kaniyang bag ang nabiling mga DVD, may pakiramdam na isa siyang kasabwat o *accomplice* sa krimen. Ang "kiming" pagdaos ng bentahan sa tagóng espasyong ito ay walang kinalaman sa kung *adult video* ba o hindi ang ibinebenta sapagkat sa mga mall, kahanay lamang ng

eskaparate ng mga nagwaging Hollywood na pelikula ang mga DVD ng ***Playboy***. Sa mga mall, susuyurin mo muna ang tindahan bago ka bibili, wala nang *salestalk* galing sa tindera. Sa ilang lunan ng pamimirata, may mga mag-aalok muna sa iyo bago mo makita ang koleksyong ibinebenta.

## *Display* at *Packaging* ng mga Produkto

Maayos na nakahanay ang mga DVD, audio CD at VCD sa mga tindahan ng mall tulad ng Astrovision, Video City, at Tower Records. Sa magkakahiwalay na eskaparate nakalagay ang mga ito, nakalagay sa mainam na *packaging*, at kung maaari pa nga'y may maayos na pag-uuri o klasipikasyon. Halimbawa, magkakasama ang mga kantang *jazz*, hiwalay sa pangkat ng mga CD ng *pop*, *original* Pilipino *music (OPM), soundtrack, rock*. *Alphabetical* naman ang pagkakaayos ng ilang mga VCD. Sistematikong larawan ng espasyo ang pribilehiyo ng mga "orihinal" na produktong ito.

Samantala, tila mga prutas na inilalako ang mga pirated na produkto sa Quiapo. Literal na naghahari sa mga espasyo ang mga produkto ng pamimirata, nangangahulugang halos wala nang maupuan o mapuwestuhan ang mga tindera dahil sa taas ng mga patung-patong na VCD at audio CD sa humigit-kumulang na apat na sentimetro kuwadradong tindahan. Halos wala na ring malakaran at madaanan ang mga mamimili dulot ng kasikipan.

Kung hindi naman sa loob ng masikip na tindahan, ang distorsyon naman sa anyo ng pagbebenta ay nasa pagkakabalandra ng mga produkto sa mga *folding bed*, patung-patong, at kung walang *casing* ay nasa plastik lamang. Magkakahanay naman ang ilan sa mga nakabulatbulat na malaking bag o maleta, at hindi tulad ng mga orihinal, hindi na sistematiko ang pagkakaayos ng mga ito. Ang mga ito ay maaaring kalkaling parang mga damit sa ukay-ukay. Ang katuwiran ng paggamit ng mga folding bed at maleta ay para rin sa mobilidad ng tagabenta sa ginagalawang espasyo. Sakaling dumating ang mga pulis na manghuhuli sa kanila, mabilis na maililigpit ang kanilang mga paninda. Ibang kaso rin at ibang

hubog ng espasyo ang sangkot kung *X-rated* o adult video ang ibinebenta, kadalasan nakatago ang mga ito sa ilalim ng patungang kahon kung saan naka-display ang mga produkto, o maaaring nasa hiwalay pang bag na hindi nakabulatlat.

Alam ng mga *supplier* ng pirated DVDs ang kiliti ng mga konsyumer, kung kaya lumilikha ng mga koleksyong pupukaw sa interes ng mga ito, tulad ng koleksyon ng mga nanalong pelikula ng *Oscar*, mga 22 discs na nagkakahalagang P2,500.00. Para naman sa mga tagahanga nina Jet Li at Chow Yun Fat, may mga koleksyon ng DVD na pawang pelikula ng mga tanyag na *martial artists* na ito. May mga DVD na ring *two-in-one*, kadalasa'y parehong artista ang gumaganap sa dalawang pelikula. At higit na maraming pirated na kopya ng mga *artfilm* at dokumentaryo ang nakakaabot sa maraming manonood, tulad ng mga pelikula ng mga bansang Thailand, Hapon, Italya, Ruso, Pransiya. Kadalasan, walang ibinebentang orihinal na kopya ng mga ito ang mga lehitimong establisimyento.

## Distorsyon sa Usapin ng Panahon at Pagpepresyo

May kaakibat ding discontinuity sa usapin ng panahon ang paggamit sa backdoor policy sa Quiapo. Kadalasan, ang mga orihinal na kopya ng VCD at DVD ay ibinebenta sa mga tindahan sa mall ilang buwan pa pagkatapos ipalabas ang pelikula para magarantiyang may manonood sa mga sinehan. Tinatawid at iniigpawan ng sistemang backdoor ang normal na daloy ng ruta ng kalakalan — nauunang dumating ang mga kopya ng kanta o pelikula sa bansa at nauunahan nito ang mga "lehitimong" transnasyonal na mga kompanya ng pelikula at musika. May distorsyong ginagawa ang pamimirata sa nakatakdang iskema ng panahong nilikha ng mga industriyang ito.

Sa isang panayam ng ***Inquirer News Service*** kay Edu Manzano, tumaas umano ang presyo ng mga DVD mula P50 patungong P100 dahil sa kanilang masigasig na mga raid kaya't kaunti na lamang daw ang suplay nito.[9] Subalit sa pagbisita ng mananaliksik na ito noong Oktubre 2, 2004 sa Quiapo, ang dating

mga DVD na may halagang P70 ay inilalako na sa presyong tatlo kada P100 para sa mga DVD na walang case at nakasilid lamang sa mga *plastic packets*. May distorsyon din sa ginagawang pagpulso ng OMB sa aktibidad ng pamimirata. Hindi totoong paubos na nang paubos ang suplay ng mga DVD sapagkat mistulang mga pandesal itong inilalako sa kahabaan ng Hidalgo at Arlegui. At ang pagdami nito ay nagdulot, hindi ng pagtaas, kundi ng pagbaba ng presyo — sagaran na ang *bargain*, kumbaga.

## Transaksyon

Ang isa pang disjuncture ay matatagpuan sa *dynamics* ng palitan sa pagitan ng mamimili at tagabenta. Higit na *flexible* ang kalakalan sa ganitong kalakaran. May ilang pirated na produkto na posibleng hindi *compatible* sa iyong *player* kaya maaari mo itong ibalik basta may tatak ito ng petsa kung kailan mo ito nabili. Makakapa rin ang lugar ng pamimirata sa ekonomiya— nasa laylayan pa rin ang puwesto nito. Ang tatak ng petsa ang maituturing na *proof of purchase*; walang resibo — patunay ng pagkakasangkot nito sa *underground economy* — at walang pag-uulat ng buwis kaya hindi kabilang sa *National Income Accounting* ng bansa.

Gayundin, hindi tulad sa Tower Records o Astrovision, maaari mong tawaran ang presyo ng mga DVD sakaling plano mong mamakyaw o gawing bultuhan ang pamimili. Sa ilang pagkakataon may kapangyarihan din ang mamimili sa pagdikta at *pegging* ng presyo.

## Komunidad ng mga Nagbebenta

Lumilikha ng komunidad, sa halip na kompetisyon, ang mga tindera ng pirated na produkto. Alam naman kasing pare-pareho lang sila ng mga titulong ibinebenta. Puwedeng maghiraman ng kopya ang isa't isa kung sakaling wala nang *stock* ang isang nagbebenta at may potensyal itong mamimili. Taliwas ito sa eksklusibo at nagsasariling sistema ng mga tindahan sa mga mall. Ang espasyo ng pamimirata

sa kasong ito ay nagpapahiwatig ng nakabaklas na mga hangganan ng mga nagtitinda at malayang galaw at palitan ng mga stock o suplay ng mga produkto.

## Pagdala sa Iba Pang Estratehikong Lokasyon

Ang Quiapo ang pangunahing tagapagsuplay ng mga produkto ng pamimirata sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Kung lilikha ng dibuho ng ruta kung saan ito nagpapadala ng mga produkto, tulad sa Greenhills, Makati Cinema Square, at Marikina Riverbanks, mapapansing tila tumatapat at hindi ito kalayuan sa mga "legal" na tindahan ng mga DVD. Sa mga masisikip na sulok at gilid-gilid ng mga tiangge ng Greenhills idinaraos ang transaksyon, malapit o halos katapat lamang ang mga "lehitimong" tindahang nagbebenta ng CDs gaya ng National Bookstore. Malapit lamang ang Greenhills sa Megamall at Robinson's, malapit din ang Makati Cinema Square sa Glorietta, Landmark at Greenbelt, malapit lamang ang pulutong ng mga tindahan ng pirated DVD sa Marikina Riverbanks mall.

## *Hyperreality* ng Pamimirata, Hyperreality ng Ekonomiya

Maaaring usisain kung ang pamimirata nga ba ay paglaganap ng mga peke o huwad na produkto. Ang orihinal ba ay maitutumbas sa totoo? Maaaring mas may hubog ng katotohanan ang pag-iilusyong kultural na ito, ang produkto ng pirata, ang antas panlipunan ng mga konsumer, at ang mga lugar kung saan ito ibinebenta. Ang orihinal na CD ay *hyperreal*, sapagkat ito'y mga *reified* lamang na produkto ng musika, ng tinig ng mang-aawit o tunog ng instrumento. Hyperreal sapagkat dumaan sa mga milagro ng kompyuter at *digital sound enhancing* ang pagsagawa sa naturang CD, at ang pirated copy ay kopya o reproduksyon lamang ng hyperreal na CD na iyon. Ang kopya ng pelikulang kinuha mula sa mga sinehan, na may makikita pang mga ulo at katawang dumadaan sa *screen* at makaririnig ng mga halakhakan o sigawan ng mga taong

nanonood, ay maaaring ipalagay na higit na totoo, kaysa sa hyperreal na mundong inilalarawan ng mismong sinehang airconditioned at naka-*Dolby THX sound surround*.

Maaari pang pagtabihin ang pag-iilusyong kultural na ito sa Quiapo, at ang mga mito ng kapitalismo. Pamimirata ang nagpapaliwanag kung paano nagkakaroon ng epekto ang *global political economy* sa isang bansang nasa Ikatlong Daigdig. Nakasalalay ang *price adjustment* ng mga orihinal na VCD at DVD sa mga pirated na produkto. Na ang pagbaba ng presyo ng mga VCD, partikular ng ilang "lehitimong" establisimyento tulad ng Video City, Music One, at Tower Records ay dahil hindi na ito tinatangkilik ng nakararaming konsumer at mulat ang mga itong may alternatibong mas mababa ang presyo. Malinaw na pagmamalabis sa presyo ang ipinatupad sa pagbenta ng mga orihinal na CD. At maaari nating ireklamo tuloy na kung maaari naman palang babaan ang presyo ng mga orihinal na CD na ito, bakit hindi pa ito ipinatupad kaagad? Nagmamalaki ang OMB sa nabanggit sa isang bahagi ng papel na tumaas na ang presyo ng DVD dahil sa kanilang mga raid. Sinasambit dito na ang presyo ng kopya, ng itinuturing na huwad, mapanlinlang, at nagsasalaula ng *Intellectual Property Rights*, ang ginagawang salalayan sa halip na magtuon sa presyo ng orihinal at kung ano ang magiging tugon ng merkado rito sakaling mapuksa nga ang pamimirata. Sa madaling salita, may angking kontradiksyon ang ginagawang pagbabantay ng OMB — inaasahan nating ang gagawan ng *monitoring* sa presyo at pagtangkilik ay ang mga orihinal na CD at hindi ang mga ilegal na kopya.

Nararahuyo ang maraming mamimili, lalo na yaong nasa mababang antas ng lipunan, na bumili ng mga pirated na produkto upang kahit paano'y maranasan ang panonood ng artfilm at pakikinig sa musika. At habang isinusubo sa atin ng Kanluran ang kanilang kultura at panlasa, at pilit nakikisakay ang bansa sa penomenon ng globalisasyon, lumilikha ng mga pamamaraan at lunan upang maisakatuparan at maitanghal ang pakikisangkot na ito, at pakikitunggali sa mga inihahaing opsyon ng lipunan.

## Konklusyon

Ibig kong balikan ang islogan sa gusali ng Mercury Drug, ang "Maunlad na Maynila, Huwaran na Bansa." Umaangkas din sa islogang ito ang iba pang planong pangkaunlaran para sa lungsod ng Maynila, ang "Buhayin ang Maynila Program" tulad ng mga nakapatalastas sa malalaking karatula na *U-belt Redevelopment Project* at *Pedestrianization* (Ortiz, 2003). Layunin nitong gawing *pedestrian-friendly* ang Maynila na tila sosolusyunan ang lutáng na pagkalalang ng mga indibidwal na naglalakad dito. Kapag naayos ang mga daanan at kapag organisado na rin ang pagkakaposisyon ng mga tindahan, hindi na magmimistulang hilong-talilong ang mga indibidwal na daraan dito, at magkakaroon, hindi lamang ng kaginhawaan at *pleasure*, kundi ng malinaw na tunguhin ang kanilang paglilimayon.

Rehabilitasyon ng espasyo ang kaakibat ng proyektong ito. Ang mga kalye ay patataasin nang kaunti para ipantay sa *sidewalk*. Ang *elevation* ng kalye ay pagbaklas ng pagbubukod ng daanan ng tao at daanan ng sasakyan. Maliban sa may implikasyon ito sa daloy at pagsasaayos ng trapiko, may implikasyon din ito sa kung aling mga kalye naman ang bubuksan para dito padaanin ang mga sasakyang mabibiktima ng pagbabago ng ruta. Tatanggalin din umano ang *flower boxes* sa gitna ng *avenue* upang gawing mas maluwag ang daraanan ng mga tao. "*Re-layout*" ang gagawin sa lugar, ayon kay Mayor Lito Atienza ng Maynila. Maglalagay rin ng mga kaukulang *coffee shops*, upang mas maging kahali-halina ang lugar. Tatangkaing bigyang-laya ang pedestrian sa pamamagitan ng pagpapaluwang ng espasyo; susubukang bigyan ito ng *empowerment* sa pamamagitan ng pagbabago ng hubog at disenyo nito. Maglalagay rin umano ng mga poste ng ilaw sa mga kalye upang maiwasan ang pandurukot sa mga mamimili. Tila may terminal na karamdaman ang Maynila kaya sisikapin itong gamutin at pagandahin upang ibalik ang dati nitong sigla.

Mahigit isang taon na ang nakararaan mula nang ipalabas sa mga pahayagan ang planong pangkaunlarang ito ng Maynila,

subalit wala pa ring masasagap na balita, kahit man lang *progress report* hinggil dito, sa kasalukuyan. Ang naglalakihang *streamers* at *posters* ng programa ng pamahalaan ay tanging mga palatandaan na lamang ng pag-iilusyon, na minsa'y tinangkang iretoke ang siyudad at tapyasin ang ilang hindi kanais-nais na katangian nito — mga luma at nabubulok na gusali, mga pulu-pulutong na mga tindahan, at mga singit at siwang ng mga gusaling may namimirata. Ang video wall sa Mercury Drug ang nagpapaalala ng isang imahen at pagdanas na malayo sa kinatitirikan nitong espasyo ng mga nagmamadaling mamamayan at anakpawis at ng mga patalastas ng gamot na hindi naman mabili ng mga batang yayat at sipunin sa Plaza Miranda. At tulad ng halamang kiyapo, hahayaang mabulok na lamang sa kailaliman ang mga imaheng ito para paibabawan ng bagong lunang kapagdaka'y tatabunan din ng panahon, ng temporalidad na dulot ng mga panlabas na puwersa at ng pabago-bagong pangangailangan at interes ng nakararaming Pilipino. Walang humpay ang reimbensyon ng Quiapo kahit lagi't laging naaantala ang pagreretoke rito. Magpapakatatag ito at patuloy na mamamayagpag.

## Mga Tala

1 Dito nanggaling ang ngalan ng distrito, *kiyapo*, na may *scientific name* na *Pistia stratiotes*. Isa sa mga katangian ng halamang-tubig na ito ay, *it floats in shallow lakes and slow streams at low altitudes* (*Philippine aquatic plants and ferns*, 1967).

2 *Quiapo transmogrified into, as one frustrated Manileño puts it, "the armpit of the city"* (Gomez, 1996).

3 Pistia Stratiotes (scientific name of kiyapo), *whose leaves are densely clothed on both surfaces with short depressed hairs, (such that) any water falling on the inclined leaf is speedily repelled and the epidermis never wetted. The air layer effectively prevents the plant becoming submerged* (Sculthorpe, 1967).

4 *Its stoloniferous habit create a compact floating mat spreading from sheltered marginal sites out over open water. This mat of living plants*

*and organic debris provides a favorable rooting medium for emergent hydrophytes, especially grasses and sedges* (Ibid.).

5 Pistia Stratiotes *has the ability to develop profuse root hairs…possess dense clusters of principal adventitious roots* (Ibid.).

6 Pistia Stratiotes *provides a favorable breeding habitat for mosquitoes…they (mosquitoes) lay eggs on the underside of the leaves, the larvae attach themselves to the roots* (Ibid.).

7 Isa sa mga epekto ng pagdami ng kiyapo ay ang kanilang *direct mechanical hindrance to navigation, entangling boat propellers; also leads to loss of crops, flooding* (Ibid.).

8 Sa pag-aaral ng *poverty incidence* ng National Statistical Coordination Board, isiniwalat ng sangay ang sampung pinakamahihirap na lalawigan sa Pilipinas noong taong 2000. Ang Sulu ang nangunguna sa listahan ng may pinakamataas na poverty incidence. Ibig sabihin, ito ang may pinakamataas na *proportion of families or population with per capita income less than the per capita poverty threshold to the total number of families*. Kasama rin sa grupong ito ang mga probinsya ng Tawi-tawi, Maguindanao at Sultan Kudarat. (National Statistical Coordination Board, 2004).

9 *According to Atienza, Avenida will undergo "pedestrianization," which means closing it to vehicular traffic and turning it into a haven for shoppers and people on a stroll* (Ortiz, 2003).

## Talasanggunian


Abueg, E. (1993). Mabangis na lungsod. *Mga agos sa disyerto.* Mandaluyong: Echanis Press.

A new medium for the modern day moro. (2004). Retrieved October 2004, from www.bangsamoro.com

Brillantes, G. (1994, January 7). In the Quiapo of the Nazareno. *Philippine Graphic.*

Cang, J., Danlog, A. & Fonbuena, C. (2002, May 27). Pirates' haven. Retrieved September 2004, from http://www.inq7.net/nwsbrk/2002/may/27/nbk_2-1.htm

Cruz, M. (2004, September 28). OMB not anti-Muslim, says Manzano. We also go after Christians, Indians, Chinese. *Philippine Daily Inquirer.*

Dalizon, A. (2003, February 4). P1B fake VCDs, DVDs crushed. Retrieved September 2004, from http://tabloids.yehey.com/tabloids3.asp?categ=18&id=10081

Esplanada, J. (2004, June 24). War on piracy continues, says OMB chair Manzano." *Philippine Daily Inquirer.*

Felipe, C. (2004, January 8). Traffic re-routing scheme in Quiapo." *Philippine Star.*

Gamalinda, E. (1988, December 3). An invisible city. *Philippines Free Press.*

Gomez, J. (1996, February 4). Back to life. *Manila Chronicle.*

Guevarra, A. (2003. June 1). Pontius pirates. *Philippine Star.*

Jara-Puyod, M. (1999, July 12). A maze amid amazing poverty. *Manila Standard.*

Jimeno, J. (2002, July-October). Booting out bootlegging. Retrieved September 2004, from http://www.pcij.org/imag/Dispatches/bootleg.html

Kaimo, G. (2002, October – December). Penchant for piracy. Retrieved September 2004, from http://www.pcij.org/imag/SpecialReport/piracy.html

Khaleej Times online. (2004). Retrieved October 2004, from www.khaleejtimes.com

National Statistical Coordination Board (2004). Poverty incidence of families. Retrieved October 2004, from http://www.nscb.gov.ph

Ortiz, M. (2003, June 8). Rizal Avenue revival? Yes! *Inquirer News Service.*

*Philippine aquatic flowering plants and ferns.* (1967). Manila: National Museum.

Philippine headline news online (2003). Retrieved October 2004, from http://www.newsflash.org

Pile, S. & Keith, M. (Eds.). (1997). *Geographies of resistance.* New York: Routledge.

Poblacion, M. A., Azada, C., & Bucoy, A. A. Z. (2003, March). Pirates rip-off $640 M US films. Retrieved September 2004, from http://www.poblaw.com

Quiapo Tours (2004). Retrieved October 2004, from www.yahoo.com

Soliven, M. (2004, September 7). By the way. *Philippine Star*.

Sculthorpe, C. P. (1967). *The biology of aquatic vascular plants.* London: E.A Publishers Ltd.

Trinidad, C. (2003, January 9). A quaint place called Quiapo." *Malaya.*

Tiesdell, S., Oc, T., & Heath, T. (1996). *Revitalizing historic urban quarters.* Oxford: Architectural Press/Butterworth-Heinemann.

Venida, V. (2002). Economic uses for the Antique mansions of Quiapo. *Philippine Studies.*

Wilson, R. & Dissayanake, W. (1996). *Global/Local: Cultural production and the transnational imaginary*. Durham: Duke University Press.

---

***Jema M. Pamintuan*** *has a BS Economics and MA Filipino degrees from the University of the Philippines in Diliman. She is currently finishing her doctoral degree in Philippine Studies also in U.P. Diliman. Some of her critical essays appeared in* ***Bulawan: Journal of Philippine Arts and Culture***, ***Humanities Diliman*** *and* ***Philippine Studies.***